Kayo ba ay nakakaranas ng kawalang-kapanatagan sa pabahay?

Maraming iba't ibang sitwasyon sa pamumuhay ang maaaring magpa-kwalipikado sa isang mag-aaral para sa tulong:

- Nasa isang bahay o apartment na may higit sa isang pamilya dahil sa pagkawala ng tirahan o kahirapan.
- Nasa mga kaibigan, pamilya, o iba pa dahil sila ay isang takas o walang kasamang kabataan.
- Nasa substandard na pabahay (walang kuryente, tubig, init, atbp.).
- Nasa isang silungan (pamilya, domestikong karahasan, kabataan, programa sa transisyonal na pamumuhay, atbp.).
- Nasa isang motel, hotel, pabahay na lingguhang inuupahan.
- Nasa isang abandonadong gusali, sa isang kotse, nasa isang campground, o sa mga lansangan.

Ang isang mag-aaral ay maaaring:

- Lubusang lumahok sa lahat ng aktibidad at programa sa paaralan bilang kwalipikado.
- Tumanggap ng transportasyon papunta at mula sa pinagmulang paaralan.
- Patuloy na pumasok sa huling pinag-enrollan na paaralan kahit na ang mag-aaral ay lumayo sa attendance area ng paaralang iyon.
- Awtomatikong maging kwalipikado para sa mga programa ng paaralan sa nutrisyon.

Ang isang mag-aaral ay kailangang i-enroll kaagad sa paaralan, kahit na wala ang hinihinging mga dokumento tulad ng:

- Katibayan ng paninirahan.
- Mga rekord ng pagbabakuna o iba pang rekord ng kalusugan.
- Mga rekord sa paaralan.
- Mga papeles ng legal na pangangalaga.

Para sa tulong o higit pang impormasyon:

Nandito ang paaralan para tumulong! Ang impormasyon na ito ay hindi ibabahagi sa labas ng entidad na pang-edukasyon.

Illinois McKinney-Vento Program
800-215-6379

Ang programang ito ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois ay 100 porsiyentong pinondohan ng Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. sa ilalim ng Programa ng McKinney-Vento na Edukasyon para sa Mga Bata at Kabataan na Walang Tirahan.

isbe.net/Pages/Homeless.aspx

May 2022

Illinois State Board of Education